الشريعة الطريق إلى الله

SHARI'AH
ANG DAAN SA DIYOS

المؤلف عبداللطيف أرسيو

ni

Abdullatif E. Arceo

This material has been reviewed and forwarded for publishing and distribution by the Filipino language section of the Department of Islamic Resources.

Form #: 1466
Date: 12/01/2005

If you have any corrections, comments, or questions about this publication, please feel free to contact us at:

fil@islamhouse.com

www.islamhouse.com

ANG PANGANGAILANGAN NA MAUNAWAAN

Ang Mga Mithiin At Salungatin

Mayroon na lamang maliit na alinlangan sa ngayon kung saan ang Islam ay matatag na sumusulong, malakas at matiim sa pag–ugit at paghubog ng mga agos ng mga pangyayari sa mga bansang Muslim, ang mundo ay nakakasaksi sa isang kagulat-gulat na pangyayari na may malayong mararating na kahalagahan sa kanyang kinabukasan.

Sa kabuuan ng pagkilos ng pagiging maalab ng Islam, wala ng ibang hihigit pa sa mga simbolo ng mga hangarin ng Muslim kundi ang maisagawa ang pagbabagong daan ng "Shari'ah", ang panuntunan ng buong pamumuhay na itinadhana ng Islam. Ang bawat bansa sa daigdig ng mga Muslim ay patuloy na tumitibok sa kanilang marubdob na hangarin na mahubog ang pamumuhay ayon sa kaparaanan nito. Ang Shari'ah, sa madaling sabi, sa magkatulad na paningin ng kaibigan at kaaway, ay dumating na upang isabuod ang hangarin patungo kung saan ang mga Muslim ay walang humpay sa pagtatangka na umunlad ang kanilang paghanap sa kanilang patutunguhan.

Subali't, sa kabalintunaan, ang Shari'ah pa rin, higit pa sa mga ibang elemento ng Islam ay waring nagbibigay

pansin sa pinakamalubhang pangamba at masidhing damdamin ng takot, galit o lupit at upasala sa mga di-Muslim gayon din naman sa mga Muslim na hindi nakababatid o nagkaroon ng malayong kaisipan sa kanilang sariling tradisyon.

Sa karamihan, para sa kanila, ang Shari'ah ay isang bagay na brutal at malupit, di-makatao at lihis sa kabihasnan na nagtatangka na maibalik muli ang ikot ng pagsulong at pagkamakabago at ibulusok na muli ang mundo sa Madilim na Kapanahunan (na waring "madilim" ang daigdig ng Islam sa panahong "madilim" din ang Europa!): na ang kababaihan ay di-hihigit pa sa pagiging alipin at ang mga di-Muslim ay itinuturing na pangalawang uri ng mamamayan. Ang pagputol sa kamay ng magnanakaw, ang pagbato sa mapagkalunya, ang pagtatakip ng mukha ng babae, ang mga ito ayon sa mga kaaway ng mga Muslim, ay siyang buod ng Shari'ah na siyang lubhang nagbibigay inspirasyon sa mga Muslim sa lahat ng dako sa ngayon.

Sa isang higit na kapayakan nguni't di rin naman gahol sa kaingayan, sa gitna, ang mga manunuligsa ay nagtatangka na usisain ang pinakabasihang kalikasan at kagampanan ng Shari'ah. Ang layunin nito ay upang magbigay ng alinlangan sa kaugnayan at kaangkupan nito sa makabagong pamumuhay, at sa gayon ay mahatak nito ang mga Muslim na iwanan at baguhin

iyon ng malayo sa pagkakilala at palubhain ang pagpapatuloy niyon sa mga lumipas.

Ang tao ay gumugulang, bakit siya'y kailangang humanap pa ng ibang kagalingan sa ibang tao para mapatnugutan ang kanyang gawain? Bakit kinakailangan pang bumaba ang Diyos upang patnubayan ang pang-araw-araw na pamumuhay ng tao? Bakit dapat Siyang mabahala sa mga pangkaraniwan at walang kabuluhang bagay?

Ang Shari'ah ay isa lamang pormalidad na nagtatakda sa mataas na ugnayang tao at Diyos tungo sa gapos ng batas at pagka-masunurin sa sakripisyo ng galak ng pag-ibig at debosyong ispirituwal at pagkamatapat. Ang batas na itinadhana sa disyerto na datnan at panawan may labing apat na daang taon nang nakalilipas ay hindi makatutupad ng pangangailangan sa masalimuot at puno ng siglang kabihasnan ng teknolohiya.

Ang mahalagang nilalaman ng Qur'ān ay pangmoral lamang at ang mga batas nito ay di-nalalayong maging panghabang panahon. Ang kaisipang ang Propeta ay isang lantay na huwaran at ang kanyang Sunnah ay siyang nagbibigkis na pinagbuhatan ng Shari'ah ay mga nabuong habi lamang ng isipang

Muslim sa mga huling panahon. Ang mga ito at mga katulad na argumento ay malimit na napapakinggan.

Ang Pag-unawa Sa Shari'ah

Ang gayong maling paghatol at kuru-kuro ay di-nagbibigay ng mabuting pananaw sa hinaharap ng sangkatauhan. Iyo'y magbibigay lamang ng pait sa matinding kagalitan at pagkakahidwa ng Kanluran at Muslim na sa habang panahon ng kasaysayan ay patuloy pa rin, at kung muling mapagpapanibago at mapapalubha, ay walang salang maghahati ng mapanganib na mundong nagkahiwalay na. Ang pangangailangan sa pagkaunawa sa Shari'ah ay pangunahin at dapat bigyang pansin kaysa sa paghahangad ng Muslim na maisakatuparan iyon.

Ang Shari'ah ay hindi lamang katipunan ng marapat at di-marapat, o di-rin naman patakaran lamang ng batas kriminal na naglalapat ng kaparusahan sa mga kalisyaan. Bagama't ang Shari'ah ay mayroon ng dalawang ito, ang nasasakop nito'y higit na malawak at malalim na sumasaklaw sa kabuuan ng buhay ng tao. Ang Shari'ah ay "maaliwalas na landas" sa literal na kahulugan. Sa Islam, ito ay landas na dapat lakaran ng tao habang siya ay tumatahak at nagsusumikap na maabot ang kanyang Lumikha. Ito'y isang maalab na paghahangad ng kalooban na masumpungan ang Diyos

at Panginoon na kung saan ang Shari'ah ay nagbubunga ng mga hakbang na matatag at turol sa landasin ng buhay. Ang Shari'ah ay ang kaganapan ng isang ganap na tao - sa pangloob at panglabas, pangsarili at pangmaramihan kung saan siya naghahangad na mabuhay ayon sa utos ng kanyang Tangi at Iisang Diyos.

ANO ANG SHARI'AH?

Ang Ugnayang Tao At Diyos (Allāh ﷻ)

Upang maunawaan ang katuturan ng Shari'ah, dapat din namang maunawaan natin ang kaugnayan ng tao at Diyos ayon sa itinatadhana ng Islam. Wala ng ibang Diyos maliban sa nag-Iisang Diyos – ang Allāh ﷻ; si Propeta Muhammad ﷺ ay Sugo ng Allāh ﷻ: ang payak na talatang ito ang siyang pundasyon ng pananampalataya ng Islam.

Ang Allāh ﷻ ang Lumikha; samakatuwid ay sa Kanya lamang ang buong kaharian at tanging Siya lamang ang nakapaghahari.

"Tunay ngang ang tangi mong Panginoon ay Diyos (Allāh ﷻ) na lumikha ng langit at lupa… Katotohanang sa Kanya lamang ang paglikha at ang paghahari…"(Al-A'rāf 7:54) at:

"Nilikha Niya ang mga alapaap (kalangitan) at ang lupa ng may kadahilanan, gayundin naman ang gabi upang matakpan ang araw, at ang araw upang matakpan ang gabi… Sa iisang tao'y nilikha Niya kayo… at Siya ang Allāh ﷻ, ang tangi mong Panginoon; ang kaharian ay sa Kanya. Wala ng ibang Diyos maliban sa Kanya!" (Az-Zumar 39:5-6)

Ang Allāh ﷻ ang Lumikha. Samakatuwid, sa Kanya lamang dapat tumalima ang tao ng buong katauhan bilang kanyang tanging Panginoon.

"…Ang Diyos mo ay Iisang Diyos, sa Kanya lamang ikaw ay tumalima." (Al-Hajj 22:34)

"Siya ang Allāh ﷻ, ang tangi mong Panginoon; wala ng ibang Diyos maliban sa Kanya, ang Lumikha ng lahat ng bagay. Sa Kanya ka lamang sumamba." (Al-An'ām 6:102)

Ang Allāh ﷻ lamang ang Tunay na Tagapagbigay. Binigyan Niya ang tao ng kaparaanan at kakayahang makakita, makarinig, makapag-isip at makapangusap - mga pangangailangang kung wala nito ang tao'y di makapamumuhay, nguni't di-niya kayang likhain para sa kanyang sarili.

Ang Allāh ﷻ ang nagbigay ng mga kayamanan sa panglabas na mundo kung saan ang tao'y maaaring makatuklas, makagamit at magawang kapakipakinabang yaon, nguni't muli ay di-niya maaring likhain.

Tunay ngang ang pinakamatinding pangangailangan ng tao ay mapag-alaman niya kung paano niya maiuugnay ang kanyang sarili sa kanyang Lumikha, sa kanyang katauhan, sa kanyang kapwa tao at

sa lahat ng bagay sa kanyang kapaligiran. Samakatuwid, sa Kanya lamang siya dapat lumingon at humanap ng patnubay. Sapagka't walang sinumang malayo o malapit sa Kanya ang makapagbibigay ng kasagutan o may kakayahang mamatnubay sa walang hanggang katanungan ng tao. Ang lahat maliban dito'y mga kuro–kuro at haka-haka lamang. At kung Siya ay nagbigay ng kahit na pinakamaliit na pangangailangan ng tao, bakit hindi Siya makapagbibigay sa tao ng higit na mahalagang pangangailangang moral at ispirituwal.

Ang Qur'ān ay nagsasaysay:

"Ipagbadya! Mayroon kaya baga sa mga itinatambal ninyo sa Diyos ang makapamamatnubay tungo sa katotohanan? Ipagbadya: Tanging ang Allāh ﷻ lamang ang makapamamatnubay sa katotohanan. Kung magkagayon, Siya ba na nakapamamatnubay sa katotohanan ay higit na marapat na sundin o siya kaya na hindi makapamamatnubay malibang siya'y patnubayan? At ang karamihan sa kanila ay sumusunod sa wala bagkus ay mga haka-haka at ang haka-haka ay di-makapangingibabaw sa katotohanan." (Yūnus 10:35-36), gayon din naman:

"O kaya'y mayroon ba silang inaangking katambal na nagsagawa para sa kanila ng Daan (Relihiyon) kung

saan ang Allāh ﷾ ay walang pahintulot?" (Ash-Shūra 42:21)

At upang mapagkalooban ang tao sa kanyang malaking pangangailangang ito, ang Allāh ﷾ ay nagsugo ng mga Propeta mula na rin sa mga tao sa lahat ng panahon at sa lahat ng mga bansa at nagparating sa kanila ng liwanag ng Banal na Patnubay na ipinahayag sa mga Propeta. Ang ilan sa kanila ay sina Adan, Noe, Abraham, Moses, at Hesus ﵇. At si Propeta Muhammad ﷺ ang panghuli sa kanila, na sa anumang kaparaanan ay di-bago at naiiba.

"Siya (Allāh ﷾) ay nagtakda ng isang Relihiyon (Islam) na katulad ng ipinagkaloob Niya kay Noe, at sa mga ipinahayag Namin sa inyo, at sa mga ipinagkaloob Namin kay Abraham, Moses at Hesus ﵇ . Panghawakan ninyo ng taimtim ang Daan (Relihiyon) at huwag sumunod sa ibang landasin." (Ash-Shūra 42:13)

Ang kaugnayan ng tao sa Allāh ﷾ ay naglalaman ng salitang "Islam", ang pagtalima sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang kalooban at patnubay na ipinahayag ng Kanyang mga Propeta. Subali't ang pagtalimang ito ay dapat maging ganap at napasasakop. Ang Muslim ay nagsusuko ng kanyang buong katauhan sa kanyang Lumikha bilang kanyang tanging Diyos at Panginoon. Walang bahagi ng kanyang

buhay ang maaari niyang maisantabi mula sa pangangailangan ng Banal na Patnubay o mula sa Banal na Nakapaghaharing Kautusan.

Ang Allāh ﷻ sa Kanyang Pamamanginoon at Paghahari ay hindi maaring paghiwalayin, gayon din naman ang buhay ng tao sa pagtalima sa Kanya. Tunay ngang isang di-ganap na Diyos kung siya ay maari lamang maranasan o maiugnay sa nasasakupan ng espiritu o sa pagbibigay ng materyal na pangangailangan ng isang tao tulad ng kanyang pang araw-araw na pagkain - isang Diyos na mapagwalangbahala, walang malasakit o walang kakayahang matulungan ang tao sa kanyang higit na mabalakid at masalimuot na gawain sa kanyang pamumuhay.

Siya ang kanyang sinasamba; Siya ang kanyang pinaninikluhuran; Siya ang kanyang pinagsasandigan; Siya ang kanyang pinagkakatiwalaan; Siya ang kanyang sinusumpungan; at sa pantay na kahalagahan, sa Kanya siya tumatalima. Ang tao ay binigyan ng kalayaan na talikdan ang Allāh ﷻ; ngunit, sa sandali na Siya ay kanyang tanggapin, siya ay dapat sumunod sa Kanyang patnubay. Hindi siya malaya na sumunod sa bahagi niyon at magwalang-bahala sa iba, o ang maghanap ng patnubay sa mga kaparaanang di-mula sa Allāh ﷻ. Ang pagtatakwil sa bahagi ay pagtatakwil sa kabuuan.

"…Bakit kayo'y sumasampalataya sa bahagi ng Aklat at nagtatakwil sa ibang bahagi naman? Nguni't ano ang gantimpala sa mga gumagawa niyon, maliban sa kahilingan sa buhay na ito, tatanggap sila sa Araw ng Paghuhukom ng kasakit-sakit na kaparusahan." (Al-Baqarah 2:85)

"Kayo baga'y naghahanap ng daan na iba sa relihiyon (Islam) ng Allāh ﷻ; kahima't ang lahat ng bagay sa langit at lupa ay tumatalima sa kanya, ng bukal sa kalooban at di-bukal sa kalooban." (Āl-'Imrān 3:83)

"At sinumang magnais ng pananampalataya (relihiyon) na iba sa Islam, ay di-tatanggapin mula sa kanya…." (Āl-'Imrān 3:85)

Sa rurok ng pang-unawa, samakatuwid, ang Shari'ah ay halos kasinghulugan, o maaaring gamitin ng magkasalit, sa salitang "Din", na maisasalin lamang, nguni't di-ganap bilang "relihiyon". Ang "Din", sa literal na kahulugan ay "Daan ng Buhay", "Pagtalima", "Pagsunod" o ang "Daan". Bagama't ang salitang Shari'ah ayon sa iba't-ibang anyong pinagkunan ay matatagpuan sa limang bahagi ng Qur'ān (5:48, 7:163, 42:13, &21, 45:18), ang kanyang malawakang gamit ay tinanggap na lamang sa bandang huli, sapagkat ang salitang Islam at Din ay pangkaraniwang ginamit na may

magkatulad na kahulugan sa pagpapahayag sa mga unang araw ng Islam.

Ang Shari'ah ay kapwa nagtataglay ng pananampalataya at paggawa. Ito ay sumasaklaw sa pagsamba, pangsariling kilos at asal gayundin naman ang panglipunang alituntunin at mga batas, maging yaon ay pulitikal, pangkabuhayan, pampamilya, kriminal, at sibil. Maaari rin naman kung minsan na gamitin upang magpahiwatig, sa may katakdaang pakahulugan, ng dapat at di-dapat, ng mga alituntunin at patakaran sa asal at pag-uugali. At panghuli, ginagamit din ito bilang kasinghulugan ng Batas na Islamik. Samakatuwid, ang Shari'ah ay wala ng iba kundi ang Banal na Daan ng buhay na itinakda sa tao. Upang maunawaan ang Banal na Kautusan, nararapat lamang na ang tao ay sumunod sa Shari'ah.

Ang pamumuhay sa Islam ay ang pamumuhay alinsunod sa Shari'ah. Ang pagtalikdan sa Shari'ah o sa anumang bahagi nito ng may kabatiran, pagnanais o kusang-loob ay ang pagtalikdan na rin sa Islam. Samakatuwid, ang Muslim ay nararapat na magpanatili at magsakatuparan ng kabuuan niyon sa alinmang lugar at sa anumang kalagayang sumapit sa kanya. Ang paggiit, pagpupumilit, pagsasagawa at masimbuyong damdamin ng Muslim ang nananaig sa pagpapatupad ng Shari'ah.

Ang Dignidad At Kalayaan Ng Tao

Ang pagganap ng buong pagtalima sa Allāh ﷻ ng alinsunod sa Shari'ah na Kanyang ibinigay ay hindi nakababawas sa anumang kaparaanan sa dignidad, kalayaan at katungkulan ng tao. Ang kilos ng pagtalima ay ang pinakamataas na pagganap ng kalayaan at pagkamasunurin ng tao, sapagka't ang kalayaan ay nagpapahiwatig din ng pagsuway sa Allāh ﷻ. Sa katunayan, sa pagtalima natin sa Allāh ﷻ, ang lahat ng kawil at sagka ng anumang anyo ng pang-aalipin, pamamailalim at pangmamaliit sa kalayaan ng tao ay nawawasak maging yaon man ay sa ibang tao, sa mga kaisipan, sa kalikasan, sa mga bagay na likha ng tao o sa mga institusyon. Sapagka't bago mapanindigan ang isang Tanging Diyos ay marapat na layuan muna ang lahat ng uri ng mga huwad na diyos.

Ang lubusang pagtalima sa Allāh ﷻ ay higit na mahalaga sapagka't yaon ay nagtataas sa tao ng kanyang kalagayan bilang "Khalifa" (vice-regency) na kung saan siya ay pinagkakalooban ng pinakamataas na bahagi ng sangkalupaan sa pagkakaroon niya ng isip, kakayahang makapangusap, ang sumang-ayon, ang kalayaan at pananagutan. Ang katungkulang sumunod sa Shari'ah ng naaayon sa Qur'ān (Al-Ahzāb 33:72) ay ang katuparan ng "Amanah", isang pananagutan maging ang mga

kalangitan, ang sanglupaan at mga bundok ay di-makasusuway.

Ang Pinagbuhatan

Paano natin mapag-aalaman ang Shari'ah, ang layon ng Allāh ﷻ? Ito'y mayroong apat na pinagkukunan: (1) ang "Qur'ān", (2) ang "Sunnah" ng Propetang si Muhammad ﷺ (3) "Ijma" at (4) "Ijtihad".

(1) Ang Qur'ān

Ang punong pinagbuhatan ng Shari'ah ay tanging mga salita ng Allāh ﷻ na ipinahayag Niya sa Propetang si Muhammad ﷺ. Ang mga kapahayagang ito ay tinipon at isinaayos sa Qur'ān - at walang sinumang dito'y sumalansang - ay nanaog sa atin ng salita sa salita na ipinarating sa atin ng Propeta. Ang kahulugan at mga salita ng Qur'ān ay mula sa Allāh ﷻ kung saan ito ay maliwanag na isinasaad sa iba't-ibang kaparaanan sa iba't-ibang bahagi nito. Ito'y malawakang gumagamit ng salitang "ipinapanaog" (sending down) ng higit sa ibang salita upang mailahad ang pamamaraan ng pagkakapahayag (rebelasyon). Ang unang-unang rebelasyon: "Sabihin". Ang Propeta ay maliwanag na nagtatampok kung ginagamit niya ang kanyang sariling pananalita at kung ginamit niya ang mga salitang kanyang natanggap.

Ang binibigyang diin sa Qur'ān ay walang dudang ang pananampalataya at ang moral na pag-uugali ng mga tao at mga bansa; subalit't ito'y nagtatakda, ng kapwa turol at pahiwatig bagama't may kaigsian, ng tungkol sa mga prinsipyo, malawak na balangkas at mga kinakailangang tuntunin at alituntunin na mahalaga sa pagtatatag ng pamayanan ng Islam. Sapagka't ang isa ay hindi maaaring maisakatuparan ng wala ang iba, ang pananagutan ng Shari'ah ay di-matutupad kung wala ang mataas na antas na hibla ng moralidad.

Ang pagtatalo na sapagka't ang unang binibigyang diin sa Qur'ān ay tungkol sa pagiging moral, ang kakayahan nitong magtakda ng batas ay di-literal na maipakakahulugan na panghabang-panahon at mapapananganan lamang na mabuti kung ang Qur'ān ay nagsasabi nito. Subali't ito'y hindi dapat maging ganoon at hindi rin naman sa anupamang kaparaanan ay nagmumungkahi ng ibang kalagayan sa isang bahagi at ng laban sa ibang bahagi. Tunay nga na hindi mapapasubalian sa puntong pang- Qur'ān na ang "magdasal" ay isang panghabang-buhay na obligasyon, at ang "pagputol sa kamay ng magnanakaw" o ang pahintulot na mag-asawa (para sa lalaki) ng higit sa isa ay may saysay lamang sa tanging panahon o ayon sa isang tanging pangyayari. Sa gayo'y, ang tanging makapagsasabi, ayon sa salita ng Qur'ān:

"Mayroon ba kayong Aklat kung saan ninyo napag-aralan ito…?" (Al-Qalam 68:37).

"…Dalhin mo sa akin ang Aklat na ipinahayag ng una sa rito, o anumang latak ng kaalaman, kung ikaw ay makatotohanan!" (Al-Ahqāf 46:4)

(2) Ang Sunnah

Ang Propeta sa kanyang sarili ay hindi tulad lamang ng isang kartero na matapos na maihatid ang Aklat ng Diyos ay naglalaho. Gumagawa siya ayon sa Banal na Tagubilin at hindi lamang siya naghatid ng mensahe bagkus ay naglunsad siya ng isang kilusan. Binago niya ang mga tao at lipunan; nagtayo siya ng isang pamayanan; nagtatag siya ng isang bansa, at ginugol niya ang bawa't sandali ng kanyang pagiging Propeta sa pamamatnubay, pagtatagubilin at pamumuno ng kanyang mga tagasunod. Ang halimbawa ng kanyang buhay na namumuhay ayon sa patnubay ng Allāh ﷻ, na nagtataglay ng anupamang isinakatuparan niya o ng kanyang mga ipinahayag o pinagtibay ay ang Sunnah, ang pangalawang basihang pinagbuhatan ng Shari'ah. Ang kapamahalaan ng Sunnah ay matibay na nag-ugat sa Qur'ān at sa makasaysayan at walang patid na pangkalahatang pagsang-ayon (consensus) ng Ummah (pamayanan) ng Muslim.

Ang maliwanag na pahayag sa Qur'ān sa ganitong uri ay marami. Ang bawa't Propeta ay isinugo upang sundin (An-Nisā 4:64). Ang huling Propeta at ganap na huwaran ay si Propeta Muhammad ﷺ (Al-Ahzāb 33:21, 40). Ang pagsunod sa kanya ay ang pagsunod sa Allāh ﷻ (An-Nisā 4:80). Ang Allāh ﷻ at ang Propeta ay malimit na magkatambal at magkasama, lalo na kung saan ang pagsunod ay kinakailangan, subali't ang salitang pautos na "pagsunod" ay ginamit din ng magkahiwalay para sa Allāh ﷻ at para sa Kanyang Propeta (An-Nisā 4:59). Ang pagsunod at pagtalima sa Propeta ay siyang tanging daan lamang upang tayo ay magmahal sa Allāh ﷻ at tayo rin naman ay mahalin Niya at mapatawad sa ating mga pagkakasala (Āl-'Imrān 3:31-32). Ang lahat ng bagay na nagiging sanhi ng pagkakaiba-iba o pagkakasalungatan ay nararapat na iparating o isangguni sa Allāh ﷻ at sa Kanyang Propeta bilang huling may kapamahalaan (An-Nisā 4:59). Sino man ay hindi magiging tunay na mananampalataya maliban na tanggapin niya ang Propeta bilang huling tagapamagitan sa lahat ng suliranin, tumalima sa kanyang mga desisyon o pasiya ng bukal sa loob at walang pag-aalinlangan (An-Nisā 4:65). Ang Propeta ay may kapamahalaan na magpahintulot at magbawal din naman (Al-Arāf 7:157). At bilang panghuli, ang anumang bagay na ibinigay ng Propeta ay nararapat na tanggapin, at anumang bagay na kanyang ipagbawal ay nararapat na talikdan (Al-Hashr 59:7).

Ang makasaysayan at patuloy na pagsasanggunian (concensus) at kalakasan ng pamayanan ng Muslim (Ummah) magmula pa sa mga sandaling ang unang Khalifa (Caliph), Abu Bakr, ay humawak ng tungkulin at sa kanyang talumpati ay maliwanag na nagpahayag ng kanyang pagtanggap sa "Allāh ﷻ at sa mga halimbawa ng Propeta bilang isang mahalagang pagsunod at katakdaan sa Kanya". Mayroon din namang sapat na katibayan na ang unang pamayanan ng Muslim ay magkakabuklod na tumatanaw sa Sunnah bilang patnubay sa lahat ng anggulo ng buhay. Sa katotohanan, magmula ng panahong yaon, ang buong Ummah ay halos at lagi ng sumasang-ayon sa Sunnah bilang pangalawang kapamuhatan ng Shari'ah at kung mayroon mang ilan o manaka-nakang nagpapahayag ng pagtutol sa pana-panahon, ang mga yaon ay di-nagkakamit ng pagsang-ayon.

Halos ang karamihan ng Sunnah ay naitala sa mga aklat ng "Ahadith" (Kawikaan o Tradisyon). Sa pasimula, sapagka't ang mga tao ay nakadarama ng pagkabahala na ang ulat sa mga sinabi ng Propeta, sa kanyang mga ginawa at sinang-ayunan ay maaaring mapahalo o mapasama sa tunay na teksto (aklat) ng Qur'ān, ang Sunnah ay di-naitala sa kalakhang karamihan, gayunman, maraming ulat ang natipon at naisulat ng bawa't isa ng pangsarili at ang tunay na katibayan ay makikita. Subali't dahil sa ang mga taong

nakakikilala sa Propeta ay isa-isa ng namamatay, ang pangangailangan na matipon ang mga halimbawa ng kanyang pamumuhay ay naging mahalaga, isang mapuwersa at malawakang pagsasakit na matipon yaon ang isinagawa. Sa kalagitnaan ng pangatlong siglo, ang unang pinamuhatang aklat na may malawak na nilalaman na siyang ginagamit sa ngayon ay nakumpleto ni Imam Bukhari (d.256/870) at ni Imam Muslim (d.261/875). Marami pa roon ang sumunod at magpahanggang ngayon ay buo pa. Si Imam Bukhari ay nakapagtala ng 2,762 na mga Tradisyon at si Imam Muslim ay may 4,000 Tradisyon at hindi pa kasama roon ang mga magkakahawig o repetisyon.

Bagama't ang ibang mga pahayag ay sinira o nilagyang daya ng mga iba't-ibang pulitikal at relihiyong pangkatin na sumasalungat, at iyon ay di-maiiwasan: ang kapamahalaan ng Sunnah ay malawakang tinanggap at ang magbigay daya sa kanilang mga sariling Tradisyon ay siya lamang paraan na bukas sa mga mapag-alinlangan upang maipakita ang kanilang sariling kuro-kuro. Subali't, una, ang pagbibigay daya na rin doon ay nagpapahiwatig ng malakas na katibayan na ang Sunnah ay tinatanggap na may kapamahalaan simula pa sa unang panahon; kung hindi man, ano ang dahilan upang dayain iyon? Pangalawa, ang pagkakaroon ng makasaysayang tala ng pangdaraya ay nagpapatunay din na ang suliranin ay kinikilala at

binibigyang kalutasan sa sandaling ito ay dumating. At panghuli at siyang pinakamahalaga, ang makipagtalo, kung saan ang ilan ay nakipagtalo, na ang lahat ng mga mag-aaral ng Ummah simula pa ng unang dalawang daang taon ng Islam ay abala sa maingat at nagkakaisang pakana at walang sinasayang na sandali kundi ang maggawa (ng walang katotohanan) ng "Ahadith"ayon sa kanilang opinyon at ilagay sa bibig ng Propeta ay di-makatuwiran. Ang gayong paggawa-gawa (ng walang katotohanan) ay mangangailangan ng malawakan, kamangha-manghang pagsisikap na masaklaw na isinaayos na marahil ay higit pa sa maselang pamamaraan ng pag-uugnayan na nagagamit sa ngayon. Tunay ding mahirap mapaniwalaan na ang nag-iisang tulad ni Shafii, pagkaraan ng dalawang siglo sa panahon ng Propeta, nang ang mga Muslim ay kumalat na ng malayo at malawak ay makapagpapahinuhod sa lahat ng mga mag-aaral (iskolar) at ng buong Ummah ng laban sa kanilang kaisipan na tanggapin ang Sunnah bilang kapamuhatan ng Shari'ah.

Ijma (Nagkakaisang Opinyon)

Ang nagkakaisang opinyon ng Ummah sa pang-unawa, pagpapakahulugan at pagsasakatuparan ng mga turo ng Qur'ān at Sunnah ay ang pangatlong basihang pinamuhatan ng Shari'ah. Ito lamang ang natural, maaasahan at matalinong kaparaanan upang

mapagpasiyahan ang Shari'ah. Ang anumang pinagkaisahang opinyon (consensus) na mayroong makasaysayang pagpapatuloy mula sa panahon ng apat na Khalifa (caliphs) at ang kasamahan ng Propeta ay tinatanggap na may kapamahalaan. Ang anumang ibang konsensus ay nagiging isang matibay na batas o tuntunin, nguni't iyon ay nararapat na di-mahalinhan ng ibang konsensus.

Ang "Ijma" (ayon sa hangganang itinakda ng Qur'ān at Sunnah) ay nagbibigay ng kaparaanan (mechanism) sa Ummah upang makapagtadhana ng batas ng sama-sama sa mga katanungan at suliraning nakakaharap nito sa di-nagbabagong mundo, at maaari ding makipagsapalaran sa bagong kaisipan mula sa lumang pakahulugan o interpretasyon.

Ang "Shias"ay higit na nagbibigay pansin sa "Imams" at "Mujtahids" upang masapatan ang kanilang pangangailangan. Subali't ang pagtanggap sa sinumang tanging "Imam" o "Mujtahid" ay manggagaling din sa pagtanggap at konsensus ng mga tagasunod. Walang anumang Banal na Pahiwatig ang kinakailangan upang mapagpasiyahan ang isang tanging tao; ang pagkakaiba-iba ay lubhang marami sa pangkat na rin ng "Shias" na kung sino ang tunay na "Imam".

(4) Ijtihad

Ang paggamit ng katuwiran (reason) at pagpapasiya (judgment) upang mapag-alaman, ang Shari'ah ay tinatawag na "Ijtihad". Ito ay kasama bilang pangalawa ng iba't-ibang uri ng masakit na pagsisikhay (endeavor) tulad ng opinyon (ra'y), pagkakawangki (qiyas), makatarungan (istihsan), pangkalahatang kagalingan (istislah) at iba pa. Ang "ijtihad" ay siyang sinusundan ng "Ijma" at nararapat na ipatupad ng ayon sa balangkas na itinadhana ng Qur'ān at Sunnah. Ito ay isang punong-sangkap upang mapamalagi ang aral o doktrina (dynamism) ng Shari'ah, gayuman, ito ay malimit na binibigyan ng maling paggamit. Ang iba pa nito ay ating tatalakayin sa bandang huli.

ANG PANGLOOB AT MORAL NA MGA SUKATAN

Shari'ah – Ang Batas

Ang isa sa mga anggulo ng Shari'ah na walang humpay na nilinang ay ang katipunan ng mga batas na ipinatutupad lamang sa pamamagitan ng kapamahalaang pulitikal. Nguni't ito ay di-isang kaangkupan, sapagka't ang lahat ng mga batas nito ay pangrelihiyon, nguni't ang relihiyon ay di-batas lamang.

Samakatuwid, ang mga batas ay mahalaga at kumpletong bahagi ng Shari'ah; at atin ng nabigyang diin, ito ay di-naggagawad ng pagtatangi-tangi sa kanyang mga bahagi: "ang magdasal" ay may bisa, dapat ipatupad, nararapat isagawa ng walang pagtutol at sagrado gayon din naman "ang sumangguni sa pangkalahatang suliranin" o "ang pagbato sa isang nangangalunya". Tangi pa rito ang Shari'ah ay matibay na nagtataglay ng mga moral, pamantayan, asal at tuntunin, mula sa pagsamba hanggang sa pagpapalakad ng bansa, na nasasalig lamang na maipatupad sa kabuuan ayon sa konsensiya ng tao.

Ang "batas" sa makabagong gamit ay iyon lamang mga alituntunin na ipinatutupad ng pamahalaang pulitikal, nguni't sa mga iskolar na Muslim ang salitang ito ay sumasaklaw sa lahat ng kilos ng pag-uugali ng tao,

at kahit na rin ang kilos ng kanyang puso, sapagka't ang Shari'ah ay malawak na tumatalakay ng may layunin, kung paano rin ito nagtatakda sa mga tungkulin ng pagdarasal, pag-aayuno, pagbibigay ng limos gayundin naman sa mga batas na sibil at kriminal.

Ang Kaudyukan At Kapamahalaan

Ang buong kapamahalaan sa likod ng Shari'ah ay ang pangloob na kaugnayan ng tao sa Panginoon, ang kanyang pag-ibig at takot sa Kanya, ang kanyang pandama ng katungkulan at pananagutan sa Kanya, dito at sa kabilang buhay. Lubhang maraming kaparusahan ang isinabatas ayon sa itinatadhana ng Shari'ah nguni't ito ay di-lubhang pinapahalagahan ng karamihan na kung saan ang Qur'ān at ang Propeta sa katotohanan ay naggagawad lamang ng ilang gayong kaparusahan at kung mayroon man, ito ay tumutukoy lamang sa mga malulubhang krimen laban sa buhay, ari-arian at karangalan ng ating kap'wa tao. Dahil dito marahil, ang Shari'ah ay nagkaroon ng kakayahan na mapamahalaan ang isang malakas at di-mapapantayang tagasunod at mga tumatalimang Muslim sa paglakad ng panahon, at bagama't malimit na pinagkakaitan ng legal at pulitikal na kapamahalaan, ito ay nabigyan ng kamangha-manghang pakikianib mula sa isang dulo ng mundo hanggang sa kabila.

Ang pangsariling kaudyukan o kasiglahan ang siyang pangunahing dahilan kung bakit ang institusyon na nilikha ng Shari'ah tulad ng buhay pampamilya, ang pag-iwas sa alak o inuming nakakalasing, at kalinisan sa kamunduhan ay matibay na nakapagpapatuloy sa labing-apat na daang taon. Ang kaparusahan sa pag-inom ng alak ay bihira lamang na naipatutupad nguni't ang mundo ng Muslim ay walang suliranin ng pagkasugapa sa alak. Ang pagbato sa mapangalunya ay bihira rin, maliban sa isa o dalawang bahagi, gayunman ang bilang ng ugnayang labas sa matrimonyo ay di-kapansin-pansin. Ang diborsyo ay madali lamang na maipahahayag nguni't ang bilang noon ay lubhang mababa.

Ang Pag-ibig At Batas

Ang Shari'ah ay hindi nakakaranas ng pagkakahidwa sa pagitan ng "pag-ibig" at "batas" o sa gitna ng "pananalig"at "mga gawa". Kapwa ito ay magkaanib at nagsasang-ayunan sa kabuuan.

Ang pamamatnubay sa tao tungo sa "Din", ang Daan, sa pamamagitan ng Shari'ah ay isang kaloob ng Allāh ﷻ, ng Kanyang habag, kabutihan at pag-ibig. Kung "ang pagkapanaog ng Aklat" ay nababanggit sa alinmang bahagi ng Qur'ān, ang Kanyang habag, karunungan at kapangyarihan ay binanggit din.

"Ang pagkapanaog ng Aklat mula sa Pinakamahahabagin at Pinakamaawain" (Fussilat 41:2).

"Ipinanaog Namin ang Aklat sa Banal na gabi…ang habag mula sa inyong Panginoon" (Ad-Dukhān 44:3-6).

Ang pagsunod sa patnubay ng Allāh ﷻ ay siyang pag-ibig ng tao sa kanyang Panginoon at Lumikha na nararapat mamayani.

"…Ang mga sumasampalataya ay umiibig sa Allāh ﷻ ng lubusan…" (Al-Baqarah 2:165).

"…Subalit, Kung iniibig ninyo ang Allāh ﷻ, ako'y (ang Propeta) inyong sundin, ang Allāh ﷻ ay magmamahal sa inyo at magpapatawad sa inyong mga kasalanan. Ang Allāh ﷻ ay Mapagpatawad at Mahabagin" (Āl-'Imrān 3:31).

Ang ganap na pagkakaiba tungkol sa pag-ibig at batas ay ligaw sa kaisipang Islam at di-mapaglilirip sa kanyang pananaw. Ang pag-ibig ay sumasaklaw sa lahat: paano ito makapagbabalak na salungatin ang Puno ng Pag-ibig at magwalang bahala sa mga patnubay na ibinigay Niya? Paano ang Tanging Isa na nagmamahal sa Kanyang mga nilikha ang mag-iiwan sa kanila na gumagala at nangangapa sa kadiliman upang

mapaghanap ang mga kalutasan sa mga masalimuot na suliranin sa buhay?

Mga Moral Na Huwaran At Tuntunin Ng Pag-uugali

Sa Islam, ang pananalig ay hindi mahirap unawaing pang-relihiyong paniniwala, at hindi rin naman katalinuhang pananampalataya, o di-kaya'y pilosopiyang pinagtatalunan. Ito ay nararapat na bumukod sa paggawa sa pang-araw-araw na pamumuhay na sumasaklaw sa panloob hanggang sa panlabas, mula sa pansarili hanggang sa karamihan, mula sa moral hanggang sa legal. Ang Shari'ah ang siyang nagbibigay salin sa pananampalataya at moral na huwaran sa isang maliwanag, kauna-unawa, kapaki-pakinabang at matibay na mga mithiin, mga anyo at alituntunin at nagbibigay ng mga yaon sa mga pangkaraniwang tao, babae at lalaki ng ayon sa abot ng kanilang pang-unawa; kung kaya nga't ito ay siyang pinakadakilang biyaya ng Allāh ﷻ at pinakamalaking kaparaanan para sa kaunlaran ng tao.

Sapagka't ang tao ay patuloy pa rin sa pangangapa upang maisalin ang pananampalataya at mga moral na huwaran sa isang kapaki-pakinabang na pagkilos at paggawa, ang ilan ay naglayong sumubok na papaghiwalayin ang dalawang ito, at iba naman ay napasadlak sa isang pilosopiyang paghahanap na walang

katapusan. Dito ay nangabigo sila na magbigay kahulugan kung ano ang wasto, moral at mabuti, subali't ang pangkaraniwang tao kaya, lalaki o babae ay maghihintay sa gayong kahulugan at kasagutan? Kung ang tao ay nararapat na mamuhay ng isang moral at mabuting buhay, at kung siya ay nilikha ng may kadahilanan, at kung siya ay makikipagtagpo sa kanyang Manlilikha - sa sandaling ibukas niya ang kanyang mga mata at maging gising at may kamalayan, ay dapat niyang mapag-alaman ang dapat gawin at di-dapat gawin. At dapat din siyang kumilos ng ayon sa isang turol na karunungan at ang kanyang sinusunod ay isang pansangtinakpan at walang pagsalang katotohanan na makasisiya sa kanyang Lumikha. Sino pa kaya, kung gayon, maliban sa kanyang Lumikha ang dapat niyang paghanapan ng mga ganoong kasagutan? Sa mga ito'y nasasalig ang kagandahan ng Shari'ah. Ang bawa't tao ay nakakaalam kung ano ang marapat sa kanyang panglabas na asal upang umayon sa kanyang pananampalataya at sa kanyang moral na huwaran. Mayroon na siyang kasagutan sa walang hanggang katanungan: Ano ang "mabuti"? Hindi na mahalaga kung siya man ay mangmang o matalino sapagka't siya ay makakikilos ng may tiwala sa kanyang sarili.

Hindi rin naman na ang lahat ng mga pangka-asalan at moral na suliranin ay nalutas na o naibaon ng tuluyan. Hangga't ang tao ay buhay, ay patuloy niyang

makakaharap ang mga mahihirap na pamimili o pagsasaalang-alang, maging dati man o bago. Ito ay isang natural na kaakibat sa mundong pananaw kung saan ang tao ay walang humpay na nakikidigma sa "kabutihan" laban sa kasamaan. Subali't, sa pamamagitan ng Shari'ah, ay mayroon siyang kaparaanan upang makita ang pinakamainam na landas upang mapagaan at mapadali ang kanyang tungkulin.

Ang mag-akala na ang Islam ay nagbibigay diin lamang sa pagtalima sa Allāh ﷻ sa panglabas na asal ng tao sa kanyang pamumuhay ay isang maling pagkaunawa. Kung ang ngalan man ay ginamit para sa kabuuan ng ugnayang tao at Diyos, ang Islam ay sumasakmal sa panloob na katauhan ng tao ng pantay o higit na may bigat na katakdaan. Dahil sa kahalagahan, ang Qur'ān ay nagbibigay ng higit na katawagan sa mga Muslim bilang "silang mga mananampalataya" at iniuukol ang "Imam", pananalig, "amalsalih", at mabuting asal bilang magkakasanib na kabuuan.

Sa katotohanan, ang Qur'ān at ang Propeta, sa lahat halos ng hakbang ay nagbibigay diin sa kahalagahan ng pansarili o panloob na kaugnayan sa Allāh ﷻ kung ihahalintulad lamang sa panlabas na pagsang-ayon. Ang tunay na buod ng Shari'ah ay di-pormalidad lamang. Halimbawa: bagama't ang mga pagdarasal ay hindi naisasagawa ng hindi humaharap sa Makka, ang Qur'ān

ay nagpapahayag; hindi isang kabutihan ang humarap ka lamang sa Silangan o Kanluran (Al-Baqarah 2:187); ang pagkakawanggawa ay mataas na ninanais, nguni't ang kilos ng pagkakawanggawa na isinasagawa para sa kapakanan ng nagkakawanggawa ay hindi magdudulot ng pabuya (Al-Baqarah 2:264); hindi ang "dugo o laman" ng isinakripisyong hayop ang ninanais ng Allāh ﷻ, kundi ang "Taqwa" (pag-aalala lagi sa Allāh ﷻ) sa iyong kalooban (Al-Hajj 22:37).

Ayon sa isinasaad ng ibang talata ng Qur'ān: at, ipinagbadya rin ng Propeta, "marami ang nagsisipag-ayuno sa maghapon at nagdarasal sa magdamag nguni't wala silang napapakinabang kundi ang kagutuman o di-pagkaidlip" (Darimi); At panghuli, iyon lamang mga nagbabalik-loob sa Allāh ﷻ na may busilak at kaaya-ayang puso, "Qalb Salim", ay siyang magtatamo ng kaligtasan (Ash-Shu'arā 26:89).

Ang Shari'ah at Tariqah

Ang ilan sa Islam, na dapat lamang, ay nagbukas ng maraming panahon tungo sa pagpapaunlad ng mga paraan at kaparaanan sa pagdadalisay ng pangsariling kalooban at ang pagpapatibay ng ugnayang tao at Diyos. Ang mga pangunahing tagapagpaliwanag ng ganitong pamamaraan na kilala bilang "Tariqah", ay ang Sufis. Marami ng lubha ang naipahayag tungkol sa

pagkakahidwa ng Shari'ah at "Tariqah", nguni't kung ano na rin ang naipahayag namin sa itaas nito ay nagbibigay ng kasinungalingan sa malimit na pinalawak na kaisipan ng anumang magkabigkis o ang patuloy na pagkakahiwalay at kaigtingan sa pagitan ng dalawang terminong ito, na kapwa nga at lubhang kaiga-igaya, ay nagmula na lamang sa mga huling panahon. (Ang unang Islam ay gumamit lamang ng Islam o "Din" na sumasaklaw sa lahat ng bahagi ng katauhan ng tao). Ang mga natatanging pangyayari ay maaaring mag-akay sa ganito at ganoong tao upang higit na magbigay diin sa isang tanging pananaw: ang ilan ay maaaring ganap na nailigaw upang magtangka na makapag-ulat ng kaigtingan at pagkakahidwa sa gitna ng dalawang ito o ang magbigay puri sa isa sa kasahulan ng iba. Nguni't kailanman ay di-nagkaroon ng dalawang magkasangang landas o dalawang magkaibang pagpapahayag ng kaugnayan ng tao sa Allāh ﷻ. At tunay na kawili-wili, kapwa ang "Shariah" at "Tariqah" ay may iisang kahulugan; ang daan. Sang-ayon kay Ibn Tamiya, ang tao na umaalinsunod lamang sa batas, na wala ang panloob na katotohanan doon, at gayundin naman ang tao na umaangkin na nagtataglay siya ng "katotohanan" na hindi naman tumutugma sa Shari'ah ay hindi maaaring maging Muslim.

Gayon din naman, sa mga unang panahon ng Islam ayon sa kasaysayan, ang dalawang naghaharing opinyon

ng mga Sufis at mga mambabatas ay hindi dumaloy ng magkahiwalay. Si Hassan Basri, ang pinaka-ulo ng Sufis, ang siyang punong haligi ng "Fiqh" at "Tafsir" (Batas at Paliwanag sa Banal na Kasulatan); nguni't sina Ja'fer Sadiq, Abu Hanifa, Malik, Shafii at Ahmad ang mga nagsipagtatag ng mga punong paaralan ng batas pang-Muslim ay nakatagpo ng lugar ng karangalan mula sa walang pagkupas na Tadhkira-al-Awliya (Ang aklat ng mga Banal) ni Fariduddin Attar.

Sa Qur'ān at sa "Ahadith", ang kapwa pagsulong at palabas ay magkabigkis na di-mapaghihiwalay. Halimbawa, kung ang Qur'ān ay nagpahayag, "sila na sa kanilang pagdarasal ay may kababaang loob" (Al-Mu'minūn 23:2)

Samakatuwid ang dasal ay iyong matatawag natin na Shari'ah, at ang kababaang loob bilang "Tariqah", o kaya, kung ang Qur'ān ay nagsasabi ng "…ang mga nananampalataya ay siyang umiibig sa Allāh ﷻ ng lubusan" (Al-Baqarah 2:165), ang pag-ibig ay siyang matatawag na "Tariqah", nguni't gayundin naman ang Qur'ān ay nagbibigay din sa: "Kung iniibig ninyo ang Allāh ﷻ, ako'y (Propeta Muhammad ﷺ) inyong sundin". Samakatuwid, ang pagdarasal at kababaang loob, pag-ibig at pagsunod ay di-mapaghihiwalay, ang dalawang bahagi ng iisang sensilyo.

ANG WALANG PAGBABAGO SA NAGBABAGONG MUNDO

Ang Walang Hanggan At Walang Pagkupas

Ang Shari'ah sa lahat ng panahon ay dumating, kapwa pantay at may saysay sa lahat ng pangyayari o kalagayan. Ang pagpapanatili ng mga Muslim sa di-mababagong Shari'ah ay lubos na nakagugulo sa maraming tao, nguni't anumang ibang pananaw ay di-makakatugma ng batayang kaisipan nito. Kung ito ay Banal na Itinakda, ito'y mababago lamang ng tao kung pahihintulutan ng Allāh ﷻ o ng Kanyang Propeta. Doon sa mga nagpapayo na isakatuparan ito ng ayon sa pangkasalukuyang kaisipan ay nakakakilala rin ng pagiging mahirap nito. Dahil dito, sila'y nagtatagubilin sa mga Muslim na ang mga "legal na probisyon" ng Qur'ān at ang kaisipan ng Propeta bilang tagapagbigay ng batas at tagapamahala ay nararapat ng "ibaba".

Nguni't bilang kapahayagan ng Allāh ﷻ ng Kanyang walang hanggang awa, kaalaman at karunungan, ang Shari'ah ay di-masususugan upang umalinsunod sa nagbabagong kahalagahan at pamantayan ng tao; alalaong baga, ito ang lantay na pamantayan kung saan ang lahat ng kahalagahan (values) at asal ng tao ay nararapat na umalinsunod; ito ay isang balangkas kung saan sila ay nararapat

isangguni; ito ay isang panukat kung saan sila ay nararapat na timbangin.

Ang Kahanayan Ng Mga Kautusan

At gaya na nga ng ating natunghayan, ang pag-aangkin na ang Shari'ah ay walang hanggan at sumasaklaw sa lahat ng hindi sa anupamang kaparaanan ay nagpapahiwatig na ang lahat ng suliranin na darating sa lahat ng panahon ay napagpasiyahan na. Ang pamamaraan kung paano ang Shari'ah ay lumulutas ng suliranin sa harap ng hindi turol, bago o nag-iibang kalagayan ay lubos na mauunawaan sa balangkas ng kahanayan ng kanyang pamantayan at tuntunin at bahaging ginagampanan nito na naibibigay sa pang-unawa ng tao sa pamamagitan ng "Ijtihad".

Ang tuntunin ng pag-uugali at asal na ibinigay ng Shari'ah ay naghihiwalay sa kilos ng puso at katawan ng tao sa limang kategorya ay ang mga sumusunod:

1. Tandisang ipinagbabawal (haraam);
2. Tandisang ipinag-uutos (wajib o fard);
3. Hindi nais subali't hindi ipinagbabawal (makruh), samakatuwid, pinahihintulutan lamang sa mga tanging pangyayari;

4. Itinatagubilin nguni't hindi ipinag-uutos (mandub), samakatuwid, hindi obligasyon na tumupad;
5. Walang anumang kautusan o opinyon, samakatuwid, pinahihintulutan sa pagiging tahimik (mubah).

Ito ay hindi pangkaraniwang napag-uunawa kung gaano kalaking biyaya ang naibigay nito sa Shari'ah sa pamamagitan ng ganitong kahanayan: ito ay nagbigay sa Shari'ah upang maggawad ng malawak na kasakupan at antas ng kalawakan sa bawa't isang pamimili, kalayaan at sigasig ayon sa iba't-ibang kalagayan ng tao, ang mga bagay na ipinagbabawal at ipinag-uutos ay iilan at ang karamihan sa pang-araw-araw na buhay ay nahahanay sa kategoryang "mubah". At higit na mahalaga at may kahimagsikan ay ang prinsipyo na sa mga bagay ng pagsamba, sa makitid na unawa, kung ano lamang ang tandisang ipinag-uutos o itinatagubilin, at "wala" ng iba pa, ay obligado o kinawiwilihan; nguni't, sa mga bagay ng pang-araw-araw na pamumuhay kung ano man ang hindi ipinagbabawal ay pinahihintulutan. Ito ay nagpipinid sa pinto ng anumang makarelihiyong may kapakinabangang pansarili upang ipataw sa mga tagasunod ng Allāh ﷻ ang karagdagang pasakit at tungkulin sa Ngalan ng Allāh ﷻ na sa kasaysayan ay malimit na isinagawa, nguni't kasabay din naman noon,

ito'y nagpapanatili upang magkaroon ng malawak na mapagpipilian sa paglutas sa mga bagong suliranin.

Halimbawa, kahit na ang paggawa ng pang-anim na pagdarasal upang maging obligasyon sa araw-araw ay hindi mapapahintulutan o hindi na rin naman ang kalabisang salapi ay ilakin sa pangalan ng Allāh ﷻ o gugulin sa pansariling hangarin, sapagka't kapwa ang halaga at mga puno ng gugulin ay itinakda. Subali't sa mga bagay na pagkain, ang lahat ng bagay ay maaring kainin, maliban sa ilang bagay na ipinagbabawal… Sa katunayan, walang sinumang tao ang may kapamahalaan upang ipagbawal ang mga bagay na hindi ipinagbabawal ng Allāh ﷻ at ng Kanyang Propeta; ang magbawal sa anumang bagay sa pinahihintulutan ng Allāh ﷻ (halal) ay kasingbigat na rin ng kasalanan na gumawa ng mga ipinagbabawal (haraam).

Ang bawa't Muslim ay may karapatan, kailanma't ang ibang bagay ay inaaring obligado o ipinagbabawal, na hingin ang batayan sa ganitong kapamahalaan sa Qur'ān at Sunnah. Sa kabilang banda, bagama't ang Qur'ān ay nagtatakda lamang ng prinsipyo na ang lahat ng mga suliranin ng Muslim ay nararapat na lutasin sa pamamagitan ng pagsasanggunian; kung paano ang pagsasangguniang yaon at ang sumusunod na pinagkayariang kuro-kuro ay maisasakatuparan, ay

iniiwan upang pagpasiyahan ng mga Muslim sa bawa't panahon ng ayon sa kanilang sariling kalagayan.

Ang Kat'wiran Ng Tao At Paggawa Ng Batas

Ang buong pagtalima sa Allāh ﷻ at hindi nagsasaad na maliit ang bahaging ginagampanan ng kat'wiran ng tao … Taliwas dito, ang kat'wiran ng tao ay mayroong napakahalaga at pundamental na bahaging ginagampanan sa Shari'ah (maliban na ito'y di-magiging makatuwiran doon upang mahigitan ang kanyang sariling Diyos). Walang alinlangan na ang Shari'ah ay di-makatuwiran sa kaisipan na ang kapamahalaan niyon ay di-nasasalig sa kat'wiran ng tao, nguni't ito ay makat'wiran sa kaisipan na ito ay di-makasasalangsang ng may katuturan sa kat'wiran.

Ang ginagampanan nito ay nagtataglay ng:

- pag-unawa at pagpapakahulugan ng Banal na Patnubay sa bago o binagong kalagayan (situation);
- pagsasagawa ng Banal na Patnubay sa mga aktuwal na sit'wasyon sa buhay ng tao;
- pagsasa-balangkas ng tuntunin, alituntunin at batas para sa pagpapatupad ng mga batayang prinsipyo at kautusan;

- pagtatakda ng batas sa mga kalakhang kasakupan na wala pang naitatakda sa orihinal na pinamuhatan.

Ang mga isinagawa ng mga Kasamahan ng Propeta at ang mga nagsisunod sa kanila; at ang pagkakaiba ng mga opinyon sa panahon na rin ng Propeta, sa panahong dumating pagkatapos niyon at sa mga sumunod na saling-lahi ng mga Muslim, sa lahat ng anggulo ng Shari'ah, ay nagsasaad ng sapat na katibayan sa papel na ginagampanan ng "kat'wiran" ng tao sa Shari'ah.

Ang Kapanatilian At Pagbabago

Ang papel na ginagampanan ng kat'wiran ng tao sa Shari'ah na ipinatutupad sa pamamagitan ng pag-unawa at pagpapakahulugan ng "ijtihad" at pagsasanggunian ay nagbibigay ng binalangkas na kaparaanan upang matugunan ang mga pangangailangan ng tao. Ang mga kasalimuutan ng buhay at mga kakat'wang kalagayan na nakaharap ng mga Muslim sa loob ng limampung taon pagkamatay ng Propeta ay walang makakatumbas sa payak na pamumuhay sa Madina, gayunman, ang Shari'ah ay matagumpay na nakatugon sa lahat ng mga sit'wasyon, hindi lamang sa panahong yaon, bagkus ay higit pa sa isang libong taon pagkaraan niyon - na may katotohanan, hanggang ang mga Muslim ay mahulog sa pulitikal na pagkalupig ng kapangyarihan ng mga

Kanluranin. Ito'y sa kanyang sarili ay buhay na katibayan sa pangloob na sigla at kakanyahang kakayahan na harapin ang anumang pagsubok.

Ang mahalaga na maunawaan ay ang lahat ng matatag at nananatili sa Shari'ah ay walang kalikasan upang mangailangan ng pagbabago. Kung ang pagbabago ay "kinakailangan" sanhi ng bagong sumisibol na mga sit'wasyon, ang Shari'ah ay nagbigay ng malawak na mga prinsipyo lamang at iniwan sa mga tagasunod niyon ang pagsasagawa ng mga detalye. Kung iyon man ay pinili upang maging tangi, iyon sa katotohanan ay di-nangangailangan ng pagbabago.

Muli, iyon lamang mga nagbabagong sitwasyon ng tao ang nilalapatan ng Shari'ah, at hindi ang mga pagbabago sa pangunahin at mahahalagang dangal (values) at pamantayan; ang mga Banal-na-Bigay na dangal (values) at pamantayan ay pangwakas.

Ang Makasaysayang Pagpapaunlad

Ang mga katanungang kinakaharap sa pagpapanibagong tatag ng Shari'ah sa makabagong panahon ay lalong higit na mauunawaan kung babalikan natin ang kahapon sa kasaysayan ng kanyang pag-unlad.

Ang Shari’ah, bilang panuntunan ng buhay na nagbuhat sa Qur’ān at Sunnah, sa kanyang pangkasalukuyang anyo, ay sumulong sa lubhang mahabang panahon. Sa panahon ng pamumuhay ng Propeta, siya ay laging laan bilang mataas na pamuhatan ng patnubay at ang lahat ng mga sit'wasyon at suliranin ay maisasangguni sa kanya. Siya ay nakatatanggap ng tuwirang rebelasyon o dili kaya ay nagtatakda siya ng panuntunan ayon sa kanyang kaalaman, karunungan at kapamahalaan bilang Propeta. At kung mayroon mang mga sit'wasyon na dumarating sa panahon na ang Propeta ay di-malalapitan, ang mga kasamahan niya ay nagsasagawa ng kanilang mga sariling pagpapasiya upang makahanap ng lunas mula sa liwanag ng Qur’ān at kung ano man ang kanilang natutuhan mula sa Propeta. Ang ganitong pamamaraan ay pinagtitibay niya at inaayunan sa maraming mga pangyayari.

Na sa loob ng 100 taon mula sa kanyang pagkamatay kung saan ang lipunan ng Muslim ay lumalawak at ang mga bagong sit'wasyon ay dumarating, ang mga kasamahan ng Propeta at ang mga iskolar na sinanay nila ay gumagamit din ng magkatulad na pamamaraan sa pag-unawa, pagpapakahulugan at aplikasyon ng Qur’ān at Sunnah, sa paggamit ng kanilang sariling kat'wiran at paghatol. Sa kabilang dako, ang “Khilafate Rashida”(Rightly-Guided Caliphate) ay nagbigay ng punong tagapagsagawa ng batas at pulitikal

na sistema sa pagkilos sa ganitong layunin. At, sa isang panig, ang mga Muslim ay lumalapit sa sinumang Kasamahan o mapagkakatiwalaang iskolar ng Qur'ān at Sunnah na siyang pinakamalapit sa kanila upang humanap ng mga kasagutan sa mga suliraning nakakaharap nila. Hindi nila isinasaalang-alang ang kanilang mga sarili na matali sa pagsunod sa isang tanging tao at ang bawat Kasamahan at iskolar ay tumutugon sa kanilang mga katanungan ayon sa kagalingan ng kanilang kaalaman at karunungan ng walang paghingi ng tulong sa anumang binuong katawan ng pagsasabatas.

Pagkaraan ng panahon ng Khilafate Rashida, ang pulitikal na kapamahalaang Islamik ay humiwalay mula sa legal na kapamahalaan at hindi na magampanan ang mabisang paraang yaon, sa panahon ng sumunod na 150 taon, magkagayunman, maraming iskolar na mga Muslim ang dumating upang matugunan ang lumalaking pangangailangan ng mga Muslim. Sila ay nagbigay ng tiyak na anyo sa mga prinsipyo at mga kaisipan na siyang ginamit noon pa sa pagtiyak sa Shari'ah, at tumalakay na rin sa mga masalimuot na sit'wasyon na nakaharap ng lipunang Muslim. At sa panahon ngang ito, ang mga dakilang mambabatas na katulad ni Ja'fer Sadiq (d.148/765), Abu Hanifa (d.150/767), Malik (d.179/795), Shafii (d.204/819), at Ahmad Ibn Hanbal (d.273/886) ay lumitaw. Ang bawa't

isa ay nakapagpaunlad ng pangkat na mga tagasunod bagama’t wala pa noong organisadong paaralan ng batas at pambabatasan - ang mga pangkaraniwang Muslim ay sumasangguni ng kanilang mga suliranin sa kaninumang iskolar na kanilang matagpuan. Ito ang dahilan kung papaanong ang isang tanging iskolar ay mas higit na sinusunod sa isang tanging lugar. Sa pagsapit ng taong 350 AH, ang mga prinsipyong ipinatupad ng mga dakilang iskolar na ito ay umunlad sa isang masusing paliwanag ng mga paaralan ng kaisipan at nagsimulang mag-utos ng namumukod na katapatan ng mga iskolar. Pagkaraan ng sumunod na 300 taon, ang mga pangkaraniwang Muslim ay dumating din sa pagtangkilik ng isang tanging paaralan ng kaisipan at nag-angkin ng namumukod na katapatan doon. Ito ay nangyari, kagaya na nga ng naipaliwanag, sapagka't sila ay sumunod sa paaralan ng batas kung saan ang isang iskolar o punong pangrelihiyon na kanilang unang matagpuan at mapagkatiwalaan ay kaanib. Ang mga pagtatalo at argumento sa loob na rin ng mga paaralang ito ay umunlad din na siyang naging daan, na kadalasang nangyayari sa ganoong sitwasyon, sa pagiging matigas ng mga katatayuan.

Ang pagbagsak ng Baghdad, sa kalagitnaan ng ika-7 siglo AH, ay isang kapansin-pansing pagbabago. Kasidhian sa pagpapanatili ang naging pangunahing konsiderasyon sa panahon ng pagkakalansag-lansag ng

talino at walang katatagang pulitikal. Bagama't mayroon din dangal sa ganitong babala – ang mga binuong opinyon na natamasa pagkatapos ng masikhay na lakas ng mga dambuhala ay hindi mapapayagan na masira ng mga maliliit, ang di-kagustuhan na mag-isip na may sigla at sikhay ay nakapag-ambag sa pagkabulok at pagkatuyot ng katalinuhan ng Ummah.

Ang kalalagayan ay naging masahol pagkaraang ang Muslim ay bumagsak sa pulitikal na pang-aalipin ng mga lakas ng Europeo; magkagayunman, sila ay nagpatuloy na mamuhay ayon sa Shari'ah sa pinakamabuti na kanilang magagawa. Nguni't sila'y hindi na ang mga panginoon ng kanilang mga sariling pamamalakad sapagka't ang isang banyagang kultura ay gumawa ng lahat upang mapatid ang tanikala ng kanilang kultura at mga tradisyon.

Ijtihad

Maraming pagsasakit ang isinagawa tungkol sa pagsasara ng tarangkahan ng Ijtihad, ang mga sumunod na kahigpitan na itinakda at ang pangangailangan na mabuksan iyon ay higit na malawak sa ngayon. Atin na ngang isinaad dito ng maikli kung papaanong ito ay nangyari .Ang Ijtihad ay gumanap bilang mapuwersang institusyon sa mga unang limang daang taon ng Islam. Ang dambuhalang katalinuhan na bumangon na nilikha

ng pag-aaral ng Shari'ah ay mayroon ilang mga katapat. Di-naglaon, gawa ng mga pangyayari katulad ng pananakop ng Mongol at ang paghahari ng mga Kanluranin, ang mga Muslim ay nagbigay daan sa pormal na batas, upang mapanatili ang kakanyahan ng Ummah. Subali't bagama't ang pinto ay itinuring ng nakapinid, kailanma't ang mga bagong sit'wasyon ay dumating, ang mga pagsasakit ay ginagawa upang makatagpo ng mga kalutasan. Di-nga kasi, ang mga ganoong kalutasan ay hindi nagtataglay ng pagsalangsang sa Qur'ān, sa Sunnah at "Ijma" - na marahil ay siyang nakababagot sa karamihan.

Ang Ijtihad ay maisasagawa lamang ng mga taong may kakayahan at kakanyahan, kaalaman at pang-unawa, at higit sa lahat, ang asal at katapatan na maisakatuparan ang matinik at Banal na gawain ng pagtiyak sa Shari'ah. Kung ano man ang masasabi tungkol sa kaistriktuhan at kahigpitan o sa ibang salita ay ang mga k'walipikasyong itinakda ng "orthodox" (pananampalatayang kristiyano), ang tangi lamang pamantayan na mananatili sa panghuling pagsusuri ay ang makapagtamo ng pagtanggap mula sa lipunang Muslim ang sinumang bagong "Ijtihad", sapagka't ang Islam ay hindi nagpaubaya ng kanyang mga rebelasyon sa pangangalaga ng isang "simbahan".

Isang bagay lamang ang tiyak: ang mga Muslim ay hindi maaaring tumanggap sa "Ijtihad" ni Harum-al-Rashid o ni Kemal Atataurk o ni Nasser o ni Sukarno. Si Abu Hanifa, na namatay sa bilangguan at hinagupit dahil sa kanyang mga pananaw, o si Ahmad Ibn Hanbal, na pinag-usig at pinalo dahil sa kanyang opinyon, ay higit na nakapagtatamo ng pagtanggap ayon sa sapat na lalim ng kanilang pananampalataya, pagkamatibay sa simulain, katapatan sa gawain, katapatan sa pag-uugali at kaalaman. Ang lahat ng prinsipyong moral ng mga makabago ay higit na malimit na nasasalig sa pagiging madali at di-dahil sa namumukod na pagtupad na pananampalataya; at di-kataka-taka na sila'y di-makagawa ng daan sa pag-unlad.

Ang kinakailangan sa ngayon ay isang henerasyon ng mga iskolar na Muslim na nakaaalam ng Qur'ān at Sunnah, na lubos na nakakaunawa ng kahalagahan ng kanilang labing-apat na daang taong pamana, na may higit na kaalaman tungkol sa Kanluraning kaisipan at sa lakas at kahinaan ng makabagong panahon na nagtataglay ng katalinuhang kasiglahan at orihinalidad ng kaisipan upang mabalikat muli ang mga suliranin, at siya, higit sa lahat, ay nagtataglay ng moral at espirituwal na katangian na nagpapahayag ng kanilang pagtalima at katapatan sa Allāh ﷻ at sa Kanyang Propeta (Muhammad ﷺ). At ang mga gayong iskolar, ay nararapat na suportahan ng mga mamamahalang

pulitikal na titingin sa mga "Ijtihad" hindi bilang pang-iwas na landas kundi bilang isang tunay na daan na mamuhay sa Shari'ah.

Sa kasamaang palad, sapul ng matamo nilang muli ang kanilang pulitikal na kalayaan pagkatapos ng Pangalawang Digmaang Pandaigdig, maraming lipunang Muslim ang nasasakalagayan ng patuloy na pagbabago. Ang mga tao na nakasama ng kapamahalaang pulitikal mula sa mga mamamahalang banyaga, sa pamamagitan ng kanilang pagsasanay at edukasyon, ay walang kakayahang pamunuan ang kalipunang Muslim sa daan ng Shari'ah. Sa kabaligtaran, ang mga tao na rin sa kanilang sarili ay namalaging may pananagutan sa pagsunod sa ganitong landas, bagama't sila ay may kahinaang moral at ispirituwal. Ang kinalabasan ay naging isang malubhang pansariling pagkakahidwa at kaigtingan.

Ang mga hindi Muslim na minoridad sa loob ng mga bansang Muslim at mga Kanluraning bansa, gayon din ang mga pandaigdig na tagapagmasid, ay makagagawa ng mainam na hindi nila mahadlangan ang kung minsan ay masakit na pamamaraan ng pagtatamong muli ng pangsariling kakilanlan, nguni't bagkus ay hanapin na maunawaan iyon, kung kanilang magagawa.

Mga Sekta At Mga Paaralan Ng Batas

Hindi kaya ang mga iba't-ibang paaralan ng batas at mga sekta ay magdulog ng mga suliranin sa pagpapatupad ng Shari'ah? Maaari, sa ibang lugar, gaya ng alam natin, hindi mabilang na mga iskolar at daang bilang ng mga paaralan ng kaisipan ang sumibol sa panahon ng unang apat na daang taon ng Islam, ang kanyang Gintong Panahon ng katalinuhan, nguni't apat lamang ang namalagi sa pangkat ng mga Sunnis at karamihan ng mga Shias ay sumunod kay Ja'fer Sadiq. Ang Paaralang Hanafi ay siyang namamayani sa Bangladesh, Pakistan, India , Afghanistan, Kanlurang Asya at kababaang Ehipto; ang Maliki sa Timog at Kanlurang Aprika; ang Shafi'i sa Indonesia at Malaysia; ang Hanbali sa Arabia; at ang Ja'feri sa Iran at mga bahagi ng Iraq.

Bagama't nagkaroon ng mga panahon ng paghahari ng mga kapanampalatayaan, pangsektang kaguluhan at maigting na mga pagkilos (na magkagayunman ay walang makakatulad sa lakas ng mga digmaang pangrelihiyon sa Europa), ang mga pagkakaiba-iba sa gitna ng iba't-ibang paaralan ay pumusyaw sa pagiging di-kapansin-pansin kung ihahalintulad sa kanilang mga kawangkian. Sa katotohanan, sa kanilang mga batayan, ay walang maituturing na mga kaibahan. Ang pagkakasanga ay nangyayari sa pamamaraang ang

dalawang husgado, sa pagtatangka na magbigay pakahulugan sa iisang batas, ay maaaring dumating sa magkaibang konklusyon o kalalabasan. Ang pagkakaiba ay maaaring magbigay ng mga suliranin, nguni't ito ay di-kataasan. Bagama't maaaring maging mabalakid ang bumalik muli sa mga tradisyon ng mga unang-unang panahon ng Islam, ang kalutasan ay may puwang kung pahihintulutan ang mga Muslim sa kani-kanilang lugar na maipatupad ang Shari'ah sa pamamagitan ng pagsasanggunian ng mga tao na nakapaghahawak ng tiwala ng karamihan; nguni't sa mga pangsariling batas, ang bawa't sekta ay nararapat na maging malaya na sumunod sa kanilang sariling pamamaraang legal.

Ang Minoridad Na Mga Muslim

Ang malaking mga pamayanang Muslim sa ngayon ay namumuhay na sa mga di-Muslim na bansa. Marami ang umaring maging kanilang tahanan ang Kanluran. Paano sila makapamumuhay ng ayon sa Shari'ah? Kapansin-pansin na sila'y mayroong layunin na patuloy na makapamuhay kung saan sila man ay naroroon sa ngayon at ang makagawa ng kanilang sariling katangi-tanging ambag sa kanilang lipunang ginagalawan. Ang ganitong ambag ay mababatay sa mayamang kultura ng Islam, na sa kaibuturan noon ay ang Shari'ah. Na ang kalakhang-karamihan sa kanila, sa ilalim ng mga lubhang mababalakid na kalagayan, ay nagpupunyagi pa

rin na mapanatili ang Shari'ah sa abot ng kanilang makakaya ay isa pang maal'wang saksi sa kanyang makapangyarihang pinag-ugatan.

Sa kasamaang-palad, ang mga Muslim na namumuhay sa mga di-Muslim na bansa, lalong -lalo na sa Kanluran ay nakakaharap ng lubhang maraming mababalakid at matinding paghihirap sa kanilang pagtatangka na maisagawa ang Shari'ah. Ang mga balakid ay sumasakop sa mga lubhang maliit at payak na pang-araw-araw na gawin tulad ng kanilang mga rit'wal na pagsamba at kung ano ang maari nilang kainin, inumin at damitin. Iilan lamang ang mga tunay na pagkakataon na maaaring samantalahin, halimbawa, ang magdaos ng pang-Biyernes na panalangin o ang magkaroon ng tumpak na pagkain sa mga institusyong katulad ng mga paaralan, ospital at bilangguan. Sa katotohanan, sa maraming mga kaso, ang karamihang pamayanan at ang kanilang pamahalaan ay nagwawalang-bahala sa pagkakaroon ng mga Muslim sa kanilang lipon.

Ang pagsisikhay na maihalo ang mga Muslim sa kalakhang kultura sa kasahulan ng kanilang pagsasagawa ng Islam ay walang maibibigay na kapakinabangan sa sariling kultura na rin. Ang mga Muslim na sumasalungat sa Shari'ah ay namumuhay ng mga di-natitinag na pandama ng pangsariling sala na

nagmumula sa kanilang kabatiran na kanilang ipinagkaluno ang kanilang mga pangsariling konsensiya. Ang mga ganoong tao ay may maliit na halaga lamang sa anumang lipunan.

KONKLUSYON

Kung anumang alinlangan mayroon ang isang tagalabas tungkol sa mga turol na katakdaan ng Shari'ah, ito kung gayon ay hindi maaaring makapangyari sa kanya na matanggap ang malalim na pundasyon, ang buong balangkas at kabuntu-buntung hiningang kagandahan ng isang institusyon na nagbigay tindig sa isa sa mga pinakapinong kabihasnan ng tao na magpahanggang sa ngayon ay patuloy na nagtataguyod at nagbibigay sigla sa bawa't ikalimang tao na lumalakad sa mundong ito. Sapagka't ang Shari'ah ay literal na nangangahulugan ng daan sa tubig - ang batis ng buhay.

* * * * * * * * *